

Pampublikong Update sa COVID-19 – ika-28 ng Abril 2020

PAG-ALALA SA MGA NAMAYAPANG MAHAL SA BUHAY

Isa sa mga napakahirap na mga bagay tungkol sa COVID-19 ay kung papaano, sa buong mundo, ito nakaapekto sa pamamaraan na karaniwan nating ginagawa para isaalala ang mga taong namayapa.

Sa kabutihang palad habang tayo ay wala pa ditong kamatayan na may kinalaman sa COVID-19, sa mga taong nangangasiwa ng mortuary at pagsasaayos ng paglilibing ay nakapagsimula nan a maglagay ng mga gabay para sa ating komunidad. Ang ibang mga libing ay naisagawa na, na may mga panuntunan sa social distancing.

Ngayon ay inilabas na naming ang mga gabay na ito sa ating COVID-19 webpage, www.fig.gov.fk/covid-19.

Ang Coroner na si Sarah Whitby, ay handing tumanggap ng kahit na anong katanungan na maaari mong isangguni – makipagugnayan sa kanya sa Courts sa numerong 27271. Ito ay 27271.

Si Reverend Ian Faulds, sa ngalan ng lahat ng mga pangkat ng pananampalataya sa isla, ay narito rin at handing saguting ang inyong mga katanungan, sa numerong 51051. Ito ay 51051.

MGA PAGSASALIN

Ang Gobyerno ng Falkland Islands ay madalas na naglalabas ng mga bagong impormasyon tungkol sa COVID-19 coronavirus, at sa simula pa lang, nagsasaayos kami ng mga pagsasalin para maabot an gating magkakaibang pamayanan.

Ang lahat ng mga abiso ay isinasalin sa Espanyol, Filipino, at Shona, at lahat ng ito ay makukuha sa webpage para sa COVID-19.

Ang mga nakalimbag na dokumentong naisalin ay makukuha rin sa Post Office, sa West Store, at sa Chandlery.

Nais pasalamatan ng FIG an gating mga tagapagsalin para sa kanilang kasipagan at pagsasagawa na mailabas ang mensahe sa lahat.